

1

Isa-isang sinisipat ni Tia ang mga dalahin niyang shopping bags sa loob ng taxi. Bababa na kasi siya sa susunod na kanto. Doon ang building kung saan naroroon ang office niya. May sarili siyang business na nag-i-specialize sa food catering at events planning.

Nagmamadaling isinukbit niya sa braso ang mga pinamili matapos magbayad. Bumaba siya makaraang magpasalamat sa binatang driver. Nang makababa ay nagbigay-daan siya sa matandang babae na sasakay naman sa iniwanan niyang taxi.

Pumasok siya sa opisina at tinawag ang assistant para iabot dito ang mga pinamili niya. Hindi naglipat minuto ay nasa loob na siya ng kanyang private office. Binuksan niya ang shoulder bag para kuhanin ang *Filofax* dahil tatawagan niya ang mga kaibigan para i-confirm ang lakad nila mamayang gabi.

“Shiela!” tawag niya sa assistant. “Nakita mo ba ang *Filofax* ko? Naiwan ko ba rito?” sunud-sunod na tanong niya sa babae.

“Hindi po, Ma’am. Wala po akong nakita na organizer sa mesa ninyo nang magligpit ako kanina

pagkaalis ninyo.”

“Sigurado ka ba? Baka naman naiwan ko sa mesa sa labas, pakitingnan mo naman. Doon ako sa may settee umupo nang mag-explain ako ng details ng wedding sa mga ikakasal kanina, baka nahulog doon or something.”

Lumabas ang assistant nito para hanapin ang *Filofax* personal organizer niya.

Napapabuntong-hininga na bumalik si Tia sa pagkakaupo. She could not afford to lose her trusty organizer right now. Nilalaman niyon ang lahat ng mahahalagang bagay na kailangan niya sa trabaho.

Doon nakatala ang lahat ng meetings niya pati na rin ang mga prospective clients, phone numbers ng mga mahahalagang tao, mga contacts niya sa business. Nakalagay rin doon ang mga I.D.’s niya. Pati ang mga bills niya sa *MERALCO* at tubig, saka ang mga credit cards niya at ATM. Isa pa, nagsisilbi na rin iyong diary niya dahil may mga little notes doon kung saan mababasa ang nilalaman ng puso’t isipan niya.

Pumasok ang assistant niya at sa pinta ng mukha nito ay sigurado siyang hindi nito nakita ang *Filofax*. Inabot niya ang lalagyan ng mga directories at

inilapag iyon sa harap ng assistant.

“Pakihanap diyan ang numero ng 3W’s. Taxi company ’yon. Itanong mo kung may nag-forward sa kanila ng *Filofax* sa lost and found. Hindi ko maalala kung inilabas ko ba iyon sa bag sa loob ng taxi.”

“Yes, Ma’am.” Kinuha nito ang directory at lumabas na.

“Ah, Shiela, pakitawagan na rin ang bank. Paki-report mo na missing ’yung mga credit cards ko, pati na ang ATM ipa-cancel mo ’yung activation. ’Yung mga detalye ng cards at ATM iaabot ko sa ’yo mamaya, hahanapin ko muna.”

Umupo ang dalaga at hinimas-himas ang sentido. Bigla yatang sumakit ang ulo niya dahil sa pangyayari. Wala pa naman siyang back-up files sa computer ng mga nilalaman niyon. Masyado kasi siyang nag-depend sa organizer.

Hindi naman niya lubusang masisi ang sarili kung bakit hindi niya ginawa ang mag-back-up. Simula’t sapul kasi na natuto siyang gumamit ng organizer ay roon na niya itinatala ang lahat ng kailangan niya. Nasa high school pa lamang siya ay gumagamit na siya ng organizer. Mula noon ay hindi na nawala sa tabi niya ang *Filofax*. Yearly na lang siya kung

magpalit o mag-update niyon.

Tumunog ang intercom sa tabi niya. Si Shiela iyon, itinatanong kung natatandaan raw ba niya ang plate number ng taxi. Sa kasamaang palad ay hindi. Hindi na niya masyadong nabigyan ng pansin ang plaka niyon dahil sa pagmamadali kanina na makasakay. Tanging ang pangalan lang ang nahagip ng mata niya nang buksan niya ang pinto ng taxi.

“Ma’am, tumawag na lang daw po uli tayo mamaya para i-confirm kung may nagsoli. Hindi raw po kasi nila maradyo kaagad dahil marami silang units ng taxi na nagkalat sa Quezon City.”

“Okay, ikaw na ang bahalang mag-follow up tungkol d’yan. Inalam mo ba ’yung pangalan ng nakausap mo? Para pag follow-up mo, siya na uli ang hanapin mo.” Pinindot na niya ang intercom nang matapos silang mag- usap ng assistant niya.

Sumandal siya para maipahinga sandali ang isip. Masyado siyang natetensyon sa nangyari. Idinarasal niya na sana ay maibalik sa kanya ang *Filofax*. At kapag nangyari iyon ay bibigyan niya ng malaking pabuya kung sino man ang magsasauli niyon sa kanya.

Akma niyang kukunin ang cellphone sa bag para

mag- send ng text message sa mga kaibigan nang bigla iyong tumunog. Nakita niya na may message received iyon. Binasa ni Tia ang mensahe at nag- return call sa nagpadala na ang kaibigan niyang si Mimi.

“Bruha ka!” bungad nito sa kanya. “Kanina pa ako nag-text s’yo, pero ngayon ka lang tumawag. Ni hindi ka man lang nag-abala na sagutin ang message ko.” Kahihimigan ng pagtatampo ang tinig nito.

“Ngayon ko lang nabasa, eh. Saka medyo nagkaroon ako ng kaunting problema kaya hindi ako agad nakapag- return call. Anyway, ano ba ang mahalagang sasabihin mo at ASAP ang message mo?” tanong niya.

“Well, sinisiguro ko lang na sasama ka mamayang gabi sa reunion natin sa *Embassy* kaya medyo kinukulit kita.”

“Of course! Ako pa ba naman ang mawawala? Eh, isa ako sa mga nag-organize ng reunion na iyan. Excited na nga ako.”

“Eh, Sis, sure na kasama ka na, ha? Wala nang bawian sa desisyon mo na iyan. We will be expecting you. Halos kalahati ng mga kaibigan natin ay ikaw ang primary reason kung bakit sila mag-a-attend.

Sikat ka yata noon sa grupo.”

“Talaga lang, ha? Bakit ba para kang alanganin kung sasama ako o hindi? May problema ba?” takang tanong niya.

Hindi sumagot ang kaibigan sa kabilang linya. Nakahimig tuloy siya na may itinatago sa kanya si Mimi. Ayaw pa naman niya sa lahat ay iyong hindi siya sigurado sa kalalabasan ng isang bagay. Lalo na ang magiging reunion nila mamayang gabi. Ilang linggo rin niyang pinaghandaan iyon. Nakatatak na sa isip niya ang gusto niyang maging ending ng gabi niya.

“Hindi ba pupunta si Roy?” tanong niya sa kaibigan na ang tinutukoy ay ang kanyang one and only love na ex- boyfriend.

“Kasama si Roy... ’yun nga lang plus one siya.”

Pagpasok pa lang ni Tia sa loob ng bar ay natanawan na niya agad ang mga kaibigan na nagkakasiyahan sa mesa. Abot hanggang tainga ang nai-plaster niyang ngiti sa mga labi. Aral ang mga hakbang niya habang papalapit sa mesa ng mga ito. Inilugay niya ang mangulot-ngulot na buhok na lumampas lang ng kaunti sa balikat niya, na

nakahantad sa suot niyang black and white tube dress.

Sinadya niya talaga na magpa-late ng kaunti para naman may drama ang pagdating niya. Gusto niya ring makita ang magiging reaksyon ni Roy kapag nakita siya nito. Nais niyang ipakita sa binata na nagbago na siya. At masilayan sa mga mata nito ang panghihinayang. Gusto niyang mabasa sa mukha nito ang pagsisisi dahil nagawa siya nitong ipagpalit sa iba.

Pero bago pa siya makalapit sa mesa ng mga kaibigan ay nakita na niya si Roy na nakaakbay sa likod ng silya ng isang babae. Si Leilani! Ang babaeng umagaw sa pag-ibig niya. Ito ba ang sinasabi ni Mimi na plus one? Buong akala niya ay kaklase rin nila sa college ang isasama nito dahil ang usapan ay reunion.

Nawala ang ngiti niya. Tila kumulo pa ang dugo ni Tia sa nakita na paglalambingan ng dalawa. Tatalikod na sana siya para umuwi na lang, tatal naman ay hindi pa siya nakikita ng mga kaibigan. Pero para namang sinasadya na bigla na lang sumulpot si Mimi sa tabi niya at hinalikan siya sa pisngi bilang pagbati.

“I’m so glad you came!” tili nito.

Pilit ang ngiti na ginantihan niya ito ng beso sa

magkabilang pisngi. Paano pa ba siya iiwas kung ang best friend na niya mismo ang nakakita sa kanya, at pilit gumigiya sa kanya papunta sa mesa ng grupo?

Magpapatianod na lang siya sa daloy ng mga mangyayari.

Isang gabi lang naman; masaktan man siya sa nakikitang paglalambingan ng dating nobyo at ng girlfriend nito ay masaya rin naman siya. Nakasama niya uli ang mga kaibigan sa wakas. Simula noong mag-graduate sila sa college ay nagkanya-kanya na sila ng takbo ng buhay.

Lumalalim ang gabi at lumalalim din ang inis niya sa ex-boyfriend. Sa tuwing magagawi ang tingin niya sa dalawa ay parang sinasadya nito na mag-flirt sa nobya. Hindi pa ba ito nagsasawa sa kakahipo at kakahalik sa babae? Kaunting delicadeza naman dahil mayroon silang mga kasama. Isa pa, wholesome ang gabing ito kahit na nasa bar sila.

Nagpaalam siya kay Mimi para magtungo sa restroom. Hindi na niya hinintay na sumagot ito. Tumayo na si Tia at iniwan ang mesa.

Bago makalabas sa hallway galing ng CR ay nakasalubong niya si Roy. Nginitian niya ito bilang isang civil na tao. Ayaw naman niya na mahalata

nito na affected pa rin siya sa mga pinagsamahan nila ages ago.

“You look nice,” bati nito sa kanya sabay hagod ng malisyosong tingin sa kabuuan niya.

Nairita siya sa ginawa nitong pagsuri sa kanya. Oo nga at may nararamdaman pa siya para sa lalaki, pero hindi naman niya ine-expect na hahagurin siya nito ng tingin sa paraan na akala mo ay hinuhubaran siya.

Tinalikuran niya si Roy at dere-derecho siya sa mesa nila.

Doon ay tinantiya niya ang sarili sa nangyari kanina. Bakit siya nainis sa binata sa ginawa nito sa kanya? Hindi ba dapat na matuwa siya dahil napansin siya nito? Hindi ba at iyon ang gusto niyang mangyari? Kung iaalis niya sa isip ang uri ng pagtingin nito ay malamang na compliment ang sinabi nito sa kanya.

Naguguluhan siya. Hindi niya alam kung ano ba ang dapat niyang maramdaman. Matagal na inasam niya na sana ay magkita silang muli ni Roy. Pero ngayon na nagkasama sila uli ay bakit hindi siya sigurado sa kung ano ang damdamin niya para rito? Gusto ba niya na magkabalikan sila at ituloy ang dati nilang relasyon?

Sa nakikita niya kay Roy ay nagbago na rin ito. Hindi na ito ang gentleman na nakilala at minahal niya noon sa college, iyon ay kung ang pagbabasehan ay ang pagtrato nito ngayon kay Leilani.

Napapailing siya sa mga iniisip. Hindi tama na abalihin niya ang sarili sa mga ganoong kaisipan. Kung gusto ni Roy na magkabalikan sila ay ito mismo ang gagawa ng paraan. Pero hindi siya papayag na makipagrelasyon rito muli, kahit na gustung-gusto pa niya, hanggang nakatali ito bilang nobyo ni Leilani. Ayaw niya ng complications.

Mayamaya ay inaya siya ni Mimi na magsayaw sa dance floor. Dahil kanina pa siya nakikipagkuwentuhan ay pinagbigyan niya ang kaibigan.

Tuwang-tuwa na sinasabayan nila ng indak ang tugtog ng banda. Nakalimutan niya ang lahat-lahat ng isipin niya—ang pagkawala ng *Filofax* niya, si Leilani na pinagseselosan niya, at si Roy na tinatantiya pa niya ang nararamdaman para rito. Para silang bumalik sa panahon ng pagiging college students nila. Carefree and wild...

Huminto ang nakabibinging tugtugan ng banda. Pinalitan iyon ng malamyos na tugtugin, ang madalas isayaw ng mga may kasintahan. Para siyang biglang na- out-of-place.

Si Mimi ay hinapit ng date nito. Pati na ang iba nilang mga kaibigan ay may kani-kanyang kapareha. Ang mga single naman na kagaya niya ay nakahanap na ng date sa loob ng bar na iyon. Siya lang yata ang napag-iwanan. Hindi na niya nilingon si Roy, malamang ay yakap na nito ang girlfriend.

Babalik na sana siya sa mesa nila nang may humarang sa daan niya. Tiningala ito ni Tia.

Akmang mag-e-excuse siya nang maunahan siya nitong magsalita.

“May I have this dance?” sabi nito sa baritonong boses.

Tila siya na-hypnotize. Hindi siya nakasagot sa tanong nito, pero iniabot niya ang kamay sa palad nitong nakalahad.

Nginitian siya nito at iginiya pabalik sa dance floor. Hindi niya maunawaan ang sarili kung bakit siya pumayag na maisayaw ng isang estranghero. Siguro ay dahil naiinggit siya sa mga kaibigan at nagseselos kay Leilani, pagbibigay-dahilan niya sa sarili.

Hinapit siya ng estranghero sa baywang at ipinatong ang dalawa niyang palad sa dibdib nito. Para siyang naso- suffocate sa sobra nilang pagkakalapit.

“By the way, I’m Wilson, and you are?” putol nito sa pag-iisip niya.

“Tia...” maiksing sagot niya.

“Kind enough to tell me what Tia stands for?”

“No. Sorry, I can’t give you that detail,” nakangiti niyang sagot.

“Sino ang mga kasama mo? Sa ganda mong ‘yan, nakapagtataka yata na wala man lang nakabakod sa ‘yo.”

“Bakit ikaw? How come someone like you, ay pupunta rito nang walang kasama na malamang ay dapat bakuran?” balik-tanong niya.

Nagkatawanan sila sa palitan nila ng tanong. Ang tawa ng binata ay parang malamig na hangin na dumapo sa pisngi niya. He was so gorgeous at nakapagtataka nga na wala man lang itong kasama na girlfriend. She felt blessed at that moment. Feeling niya ay nakagawa siya ng mabuti kaya siya pinagbigyan ng isang sayaw ng isang anghel na dumalaw sa lupa.

Narinig niyang tumikhim ito, sadyang ginawa iyon para makuha ang atensyon niya.

“Hindi ako madalas mag-gimmick, but tonight

I'm glad I did.”

Tiningnan siya nito with so much intensity in his eyes. She felt cold and hot, all at the same time. How could a stranger give such a compliment na nakapagpapatayo ng balahibo niya?

Ipinikit niya ang mata saka inihilig ang ulo sa dibdib ng lalaki. It felt so right to be dancing with him to soft music. Bahala na bukas, maybe God would be too generous at pagtagpuin muli ang mga landas nila. Maybe later, kukunin nito ang number niya. But what the hell, she would enjoy this moment first.

Hindi niya namalayan na tapos na ang kanta. Naramdaman na lang niya na medyo inilalayo siya nito nang bahagya.

“Hmm... I hate to cut this off, pero hindi magandang tignan na nagsasayaw tayo ng sweet sa rock na tugtog,” nakangiting biro nito. “Baka ma-offend ang banda.”

Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na nakatabing sa isang mata na niya. Hawak ng binata ang isang kamay niya at dinala nito iyon sa labi para bigyan ng masuyong dampi. Nang dumerecho ito ng tayo at titigan siya ay hindi niya nagawang magsalita.

Dahan-dahang bumaba ang mukha nito sa kanya.

Bago pa nito marating ang gustong puntahan ay napapikit na ang dalaga. Hinihintay niya ang mga labi ng binata sa mga labi niya.

“I’ll see you again... Sebastiana,” bulong nito sa tainga niya, sabay bitiw sa kamay na hawak nito.

Nagmulat ng mga mata ang dalaga para lang mapako sa kinatatayuan. Tinalikuran siya ng binata at natanaw niya na lumalabas na ito sa pintuan ng bar.

Paano sila magkikita muli kung hindi man lang nito hiningi ang number niya? Worse, he left her high and dry in the middle of the dance floor.

And Sebastiana? Hindi niya natatandaan na ibinigay niya sa binata ang tunay niyang pangalan. At hindi niya basta-basta sinasabi ang buo niyang pangalan sa kung sinong estranghero.

Bigla tuloy siyang kinabahan. Coincidence nga lang ba na tama ang hula nito sa pangalan niya? Have they met before? Mukhang malabong mangyari iyon, dahil kung nagkita na sila dati ay hinding-hindi niya ito makakalimutan.

2

Umaga pa lang ay nagtungo na si Tia sa shop. Kailangan niya ang buong maghapon para simulan ang pagbuo ng panibagong *Filofax*. Magre-research pa siya ng mga phone numbers ng mga prospective clients niya, pati na rin ang mga business contacts niya. Marami-rami rin ang kinakailangan niyang hukayin sa office records nila para ma-update ang bago niyang organizer.

Pagpasok pa lang niya sa private office ay napansin na niya agad ang isang brown envelope na namumukol sa gitna ng executive desk niya.

“Shiela, who sent this here?” tanong niya sa nakasunod na assistant nang makita ang nilalaman ng envelope.

“Forwarded lang po iyan, Ma’am, ng building security. Inabot niya sa akin kanina nang dumating ako para mag- open ng shop.”

Binuklat niya ang envelope at ang nilalaman niyon ang kanyang ang *Filofax*; walang labis, walang kulang. Hindi na siya nag-alala pa kung sino man ang nakapulot niyon dahil wala namang nabago

o nagkulang sa mga detalye na nakasulat doon. Malamang ay isang Good Samaritan ang nakakuha niyon at nagmagandang loob na ibalik sa kanya.

Tumalikod si Shiela para lumabas nang tumanggi siya sa inaalok nito na coffee. Siya rin naman ay naupo na sa harap ng computer para simulan ang trabaho. Hindi niya maiwasan ang mapangiti nang masulyapan ang *Filofax*. Lahat na yata ng importanteng bagay sa kanya ay nakasulat roon kaya naman abot hanggang langit ang pasasalamat niya sa nagbalik niyon sa kanya.

Mayamaya ay tumunog ang intercom sa kalagitnaan ng pagtratrabaho at pag-iisip niya. May tawag umano siya mula sa kabilang linya. Ayaw raw nitong magpakilala at gusto siyang sorpresahin sa telepono. Nailing na inabot niya ang receiver, malamang na si Mimi iyon at gusto na naman siyang biruin. Hindi na bago sa kanya iyon, madalas itong gumawa ng mga ganoong kalokohan sa kanya.

“Sino ’to?” aniya nang mabosesan ang nasa kabilang linya. Nasorpresa nga siya nang husto dahil hindi ang kaibigan ang kausap niya.

“I’m offended, hindi mo man lang ba natatandaan ang boses ko?” Tila nagtatampo ang tono nito.

“Roy?”

“Now, I’m insulted. Ang bilis palang makalimot ng babaeng nakayakap ko sa pagsasayaw kagabi. You weren’t drunk last night, as far as I can remember,” saad nito sabay buntong-hininga. “This is Wilson, we met at the club last night,” patuloy nito nang hindi siya umiimik sa kabilang linya.

Sukat sa narinig ay halos matumba ang swivel chair na kinauupuan ni Tia. Hindi niya ine-expect na tatawagan siya ng binata. Lalo at wala naman silang ginawang pagpapalitan ng telephone numbers. Nagtalon-talon ang puso niya.

“Yes... yes... Wilson, now I do remember you.” Nagkunwari siyang noon lang naalala ang pangalan ng binata.

She never felt like this before. Pakiramdam niya isa siyang teenager na ngayon lang tinawagan sa phone ng long time crush niya. Halos gusto niyang sumigaw dahil sa sobrang excitement na nararamdaman. Kung may sakit lang siya sa puso ay malamang na kanina pa siya bumagsak dahil sa atake.

“How did you get my number?” tanong niya sa kabilang linya nang makabawi ng kaunti.

“I’m a very resourceful person.”

“Really? You know, you’re starting to get my attention.”

“I thought, last night ko pa na-accomplish iyon? But because you sound a little convincing, pagbibigyan kita,” panunukso nito.

“Hah! Aren’t we being overconfident?”

Tumawa lang ito sa kabilang linya na sa tingin niya ay nag-sommersault na naman ang puso niya. It was the same husky and sexy laugh he let out last night.

“Who are you really? Don’t tell me na coincidence lang na nahulaan mo kagabi ang tunay kong pangalan?”

“Is ‘Sebastiana’ your real name?” balik-tanong nito. “So, ngayon hindi mo na maide-deny ’yun sa akin.”

“Was it just a coincidence, or you’re playing games with me? Maybe we know each other, pero hindi lang kita matandaan. Sa uri ng trabaho ko, I meet a lot of people from different walks of life. Baka isa ka sa mga iyon?”

“Maybe you are right, we’ve met before. Pero hindi sa isa sa mga events na in-organize mo, because

if I saw you there, I would approach you right away. Baka we met na in our past lives kaya puwede natin sabihin na soulmate mo ko,” masayang paliwanag nito sa kabilang linya.

Soulmate? Did this man believe in that kind of connection? Sa uri ng pananalita nito ay nahihimigan niya ang pagkasiguro nito sa sarili. Her curiosity about him just kept on rising.

Nilingon niya ang wall clock, it was almost lunch time. They had been chatting for almost three hours already. Kung anu-ano na nga ang napag-usapan nila. Pati nga ang pagkawala ng *Filofax* niya ay naikuwento na niya rito. Napailing siya sa sarili, ni minsan ay hindi siya nakipag-telebabad sa kahit na sino, kahit na kay Mimi. Mas gugustuhin pa niya na makipagkita rito nang personal at saka sila magkukuwentuhan nang walang sawa.

Ayaw man niyang matapos ang pakikipag-usap sa binata sa telepono ay nagpaalam pa rin siya. Marami siyang nakabinbin na trabaho sa shop na kailangan ng kanyang buong atensyon. Naiintindihan naman siya ng binata at sinabi na tatawagan na lang siya nito sa ibang pagkakataon.

Five p.m. usually ang closing time nila sa shop, pero dahil February, marami silang inquiries tungkol

sa mga services nila, mas late siyang nakauwi ngayon.

Marami sa mga gustong maging June bride ay naghahabol na ng oras. Kunsabagay, hindi niya masisisi ang mga ito. Kaya nga kinukuha ng mga ito ang service nila ay dahil kulang ang mga ito ng kaalaman sa pag-o- organize ng isang wedding.

Paglabas niya ng pintuan ng shop ay nakita niya si Wilson na nakasandal sa kotse. Matamang nakatingin ito sa kanya habang ang mga kamay ay nakasuksok sa bulsa ng pantalon. Her heart leaped at the sight of him. He looked awesome in his black pants and blue shirt. Malayo pa lang ay parang nararamdaman na niya ang charisma nito. Could it be possible that he had bewitched her? He was making her feel uncomfortable, just by looking at her like that. Oh, may God help her.

“What brought you here? Hindi ko naisip na alam mo rin kung nasaan ang shop ko,” bati niya sa binata.

Nagkibit lang ito ng mga balikat at tumayo nang derecho. Tama nga ang assessment niya sa binata kagabi. He was at least six-footer, and he was really gorgeous. Mas nakikita niya ang facial features nito ngayon na naliliwanagan dahil sa ilaw ng poste sa parking lot.

“You looked nice, too,” sabi nito sa kanya na ikinapangunot ng noo niya.

Pinamulahan siya ng mukha nang ma-realize na masusi pala niyang pinagmamasdan ang binata. Kaya pala ganoon ang naging pagbati nito sa kanya ay nahalata nito iyon. At least ang pagkapahiya niya ay kaunti lang because he made it sound like a compliment for both of them.

“Let’s have dinner together. Alam ko na gutom ka na,” anyaya nito sa kanya.

Hindi man lang siya nito hinintay na makasagot. Tumalikod na ito para ipagbukas siya ng pintuan ng kotse. Tiningnan siya nito, sabay kindat. A lopsided smile never left his lips, giving him a more sensual look. This man was a professional seducer. Kung mayroon mang trabaho na ganoon ay malamang na highest paid ito. From simple gestures that he made, the man made sure na hindi siya makatatanggi.

“Busog pa ako. Mas gusto kong umuwi na lang kaagad,” sabi niya nang hindi siya tumitinag sa pagkakatayo.

Hindi mawari ni Tia kung bakit iyon ang lumabas sa bibig niya. Hindi naman siya nag-aalala na baka psycho killer ang binata. Mas natatakot siya sa maaari

niyang maramdaman para rito. Was she ready to fall in love again? The last time she checked, she was still affected with Roy.

Roy. Bakit simula kagabi na iniwan siya ni Wilson sa dance floor ay hindi na niya napagtuunan ng pansin ang lalaki at ang nobya nito? Ganoon ba kalaki ang naging epekto sa kanya ng bagong kakilala para makalimutan niya ang taong dati niyang minahal?

Dating minahal? parang engot na ulit niya sa isip.

Kailan niya na-realize na dati pala niyang mahal si Roy at hindi mahal pa? Tila naguluhan siya sa naisip, parang naging napakabilis ng takbo ng mga bagay-bagay sa kanya.

“I know you’re hungry, nag-overtime kayo at hindi man lang kayo nagpa-deliver ng merienda sa shop. It’s dinner time kaya kumain na muna tayo bago kita ihatid sa inyo.”

3

Inalalayan ni Wilson si Tia na makasakay sa kotse. Lumigid ito sa kabila papunta sa driver seat. Kinakapa niya ang sariling damdamin. May nararamdaman ba siyang hindi niya gusto sa pagsama rito? Naniniwala kasi siya, that a woman's instinct is her best weapon. Nakahinga siya nang maluwag nang hindi makaramdam ng pag-aalinlangan.

Ang pangunahing dahilan kung bakit pumayag kaagad si Tia sa paanyaya nitong dinner ay para hindi na sila abutan ng mga kasamahan niya sa parking lot. Ang alam ng mga ito ay naka-reserve ang puso niya sa pakikipagbalikan kay Roy. She never accepted any suitors for a long time. Kaya alam niya na bukas ng umaga ay magiging tampulan siya ng tuksuhan ng mga ito.

“How did you know na hindi pa ako kumakain?” tanong niya sa binata nang nasa daan na sila.

“Kasi kanina pa kita hinihintay sa labas. Almost two hours and a half rin akong paikot-ikot sa parking lot. Naging kaibigan ko na nga si Manong Guard,” tukoy nito sa parking lot security.

Ilang minuto lang ang lumipas at inihinto na nito ang kotse sa tapat ng isang de-klaseng Chinese restaurant. Hindi makapaniwala si Tia sa lugar na kakainan nila. Hindi naman ito mukhang nagbibiro nang huminto sila roon dahil may guard na nag-assist sa binata sa pagpaparada nito ng kotse.

“Wilson, hindi yata puwede ang walk-in guests dito. Baka hindi tayo mabigyan ng table dahil Friday. Malamang packed sila ngayon,” bulong niya rito nang makababa sila.

“It’s okay, nagpa-reserve na ako kanina pang umaga at na-confirm ’yun.”

Grabe, iba talaga ang confidence nito. Pero hindi na siya nagkomento pa.

Iginiya na siya ng binata papasok at namangha siya sa interior ng restaurant. It was really a fine dining restaurant. Sa mga klase ng tao na nakikita niyang nakaupo sa mga mesa ay alam na niya kung ano ang uri ng pamumuhay ng mga iyon. Hindi iilang beses na tinatanaw niya ang kainan sa tuwing mapapadaan siya roon. Naisip niya na napaka-romantic sigurong mag-dinner na kasama ang taong mahal niya.

Napatingin siya sa kasama nang maisip iyon. Abala ang binata sa pag-order ng kakainin nila. She

gave him the full liberty of ordering for the both of them. Sa kanya ay sapat nang nakarating siya sa loob niyon. Lalo pa at si Wilson ang ka-date niya.

It was the best dinner that she had in years. Paanong hindi, madalas na mag-isa lang siya kung kumain sa gabi at kung minsan ay hindi pa. Naisip niya tuloy, malungkot ang mamuhay ng mag-isa. Hindi niya masisisi ang mga magulang kung bakit ayaw na ng mga ito na bumalik ng Manila.

Her parents found haven in Calatagan, Batangas. His father bought a small property at the bay side, nang makakuha ito ng malaking separation pay sa dating kompanya na pinagsilbihan nito. Her brother developed it into a private beach resort, na sinangayunan ng kanilang mga magulang. Mabuti na raw iyon at ang kuya niya ay may malasakit sa ipinundar nila at hindi gusto ang malayo sa kanila. Hindi raw tulad niya na kababaeng tao ay mas gusto pa na manatili sa Manila at magnegosyo. Mabuti raw ang kapatid niya, nag-aalala sa mga ito. Sa ngayon nga ay kumikita ang beach resort mula sa mga dating kaibigan at kakilala na doon nag-a-outing.

“May gusto ka pa ba na ipa-take out?” untag ni Wilson.

“Wala. Sa dami ng ini-order mo baka next month

pa ako mag-crave sa Chinese food.”

Tinutukoy niya ay ang napakarami nitong hiningi sa waiter, mula sa appetizer hanggang dessert. Ang main course nila ay hindi lang dalawang klase ng viand. Ang mga natira nila ay siya nitong ipinabalot, matapos magbayad ng bill. Tumayo na sila para lisanin ang restaurant.

“I had a great night, Wil,” sabi niya sa binata nang maihatid siya nito sa tapat ng pinto ng unit niya.

“Me, too... me, too...” nakangiting turan nito. “Good night, you can bet that I will be seeing you again, Beautiful.”

Pumasok na si Tia sa loob ng tinitirhan. Hindi na niya inaya pa na pumasok ang lalaki, matapos niyang magpasalamat. Kahit na ang pagkakape ay hindi niya inalok dito. Ayaw niya na tumagal ang binata sa loob ng unit niya na silang dalawa lang ang tao. Mabuti na ang ganoon at baka maipagkanulo pa siya ng sariling damdamin dito. Hindi niya gustong maulit ang nangyari kanina sa loob ng sasakyan nito.

“Wait, bago ka bumaba I have something for you,” pigil sa kanya ni Wilson nang makaparada ito sa parking lot ng tinutuluyan niyang condominium.

Iniabot nito sa kanya ang isang manipis na

kuwadrangong bagay na nababalutan ng gift wrapper. Gusto nito na buksan niya iyon sa loob ng sasakyan para raw makita nito ang magiging reaksyon niya. Iyon naman ang ginawa niya.

“My God, Wilson, ito ang DVD ng concert ni Regine Velasquez at Ogie Alcasid na The Songbird and The Songwriter. Matagal ko nang gustong magkaroon ng copy nito dahil hindi ko napanood, pero sabi nila, hindi na raw nagre-release ng copy. Saan mo ito nakuha?” Tila gusto niyang himatayin sa sobrang excitement nang mapasakamay niya ang DVD.

“I have a cousin who happened to be a fan of Miss Regine. Simula no’ng mag-umpisa siya, she never missed any of her concerts. Kaya naman hindi nakapagtataka na may kopya siya niyan.”

How she wished to have a copy of their concert. Simula noong hindi niya mapanood iyon ay hindi na siya napalagay. Nanghihinayang pa nga siya dahil kahit saan pa siya mag-post sa internet ng ads tungkol sa copy ay walang nagre-reply. Halos sinuyod na rin niya ang lahat ng record bars makakita lang ng kopya niyon. Sabi nga niya kay Mimi, kahit pirated papatulan na niya.

“How do you know na maa-appreciate ko ang pagbibigay mo sa akin nito?”

“Wild guess. And sino ba naman ang hindi nakaka-appreciate kay Regine, she’s an icon. Kaya kahit na sino ang pagbigyan ko niyan, I’m sure na magugustuhan. Hindi man kasing-expressive and excited like you are right now, alam ko they will like it, too.”

Dahil hindi niya malaman kung paano magpapasalamat sa binata ay napag-isipan niya na bigyan ito ng isang good night kiss sa pisngi. Tatal, he had been a very nice date tonight at hindi lang siya na-surprise sa presence nito sa labas ng shop ay nakuha pa nito ang kiliti niya.

Nang akmang bibigyan niya ito ng mabilis na halik sa pisngi ay nagkataon naman na humarap ito sa kanya. Hindi niya inakala na magla-landing ang mga labi niya sa labi nito. Shocked siya sa nangyari kaya hindi niya agad naiangat ang mukha.

Pero bago niya magawa iyon ay hinawakan na siya ni Wilson sa batok. He thought that the kiss was really intended to last longer than a smack. Hindi niya iniwasan ang halik ng binata bagkus ay ipinikit niya ang mga mata at nagpaubaya.

Naging masaya ang buong gabi niya dahil kay Wilson. Ito ang nasa isip niya bago matulog. At bukas ng umaga ay itataya niya na ito pa rin ang laman ng utak niya. Baka nga hanggang sa panaginip niya ay

Perfect Boyfriend - Katrina Ramos

ito ang makakasama niya. Alam niya na napakadali na nakuha nito ang loob niya, pero hindi pa siya handang makipag-relasyon dito. Hindi pa niya lubusang kilala ang lalaki. Naiintindihan naman iyon ng binata. He thought it was mature of her not to jump into a relationship just because they shared a long kiss.